


5

MAPEH (Arts)

Ikalawang Markahan–Modyul 2: Mga Istilo sa Pagpinta



MAPEH (Arts) – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 2: Mga Istilo sa Pagpinta
Ikalawang Edisyon, 2021

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Sandraelyn M. Balbero	
Editors:	Mariel A. Alla, Eden Lynne V. Lopez, Don Bernardo L. Gapasin	
Tagasuri:	Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Jose Aldrin F. Avellana, Ariel C. Tiston	
Tagalapat:	Eden Lynne V. Lopez	
Tagapamahala:	Ramir B. Uytico	Raul D. Agban
	Arnulfo M. Balane	Lorelei B. Masias
	Rosemarie M. Guino	David E. Hermano, Jr.
	Joy B. Bihag	Shirley L. Godoy
	Ryan R. Tiu	Eva D. Divino
	Nova P. Jorge	Jo-Ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____
Department of Education – Region VIII
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 832 - 2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

MAPEH (Arts)
Ikalawang Markahan–Modyul 2:
Mga Istilo sa Pagpinta

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang ating bansa ay mayaman sa mga tanyag na manlilikha ng sining tulad ng pintor at iskultor. Sina Juan Luna at Fernando Amorsolo ay mga dalubhasang pintor na kilala sa buong mundo. Kabilang din sa mga bantog na pintor ay sina Fabian dela Rosa, Fernando Amorsolo, Carlos Botong Francisco, Vicente Manansala, Jose Blanco, Victorio Edades, Juan Arellano, Prudencio Lamarroza, Manuel Baldemor, Benedicto Reyes Cabrera o “Ben Cab” at iba pa.

Ang mga manlilikha, pintor man o iskultor, ay may kinagigiliwang paksa o bagay na inilalarawan sa kanilang likhang-sining na kadalasan ay isang pangyayari sa buhay. Kung minsan ipinahihiwatig ng mga pintor sa kanilang likha ang isang karanasan, hilig o damdamin.

Sa modyul na ito ay ating matatalakay ang iba’t ibang istilo ang mga tanyag na pintor sa pagpinta ng mga larawan (A5PR-IIc) at inaasahang makamit ang mga sumusunod na layunin:

- a. Natalakay na may iba’t ibang istilo ang mga tanyag na pintor sa pagpinta ng mga larawan;
- b. Nakalikha ng isang larawan gamit ang sariling istilo sa pagpinta at
- c. Naipagmalaki ang mga obra-maestra ng mga tanyag na pintor sa ating bansa.



Subukin

Sa mga ipinakitang larawan sa ibaba ng mga tanyag na manlilikha. Suriin ang larawan at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Mga tanong:

1. Aling larawan ang ginamitan ng maliwanag at sari-saring mga kulay sa pagpinta?
a. Larawan 1 b. larawan 2 c. larawan 3 d. larawan 4
2. Sino ang nagpinta sa ika-apat na larawan?
a. Fernando Amorsolo
b. Juan Luna
c. Vicente Manansala
d. Carlos "Botong" Francisco
3. Sino ang lumikha sa ikatlong larawan?
a. Fernando Amorsolo
b. Juan Luna
c. Vicente Manansala
d. Carlos "Botong" Francisco
4. Aling larawan ang ginamitan ng sabay-sabay na elemento sa pagpinta?
a. Larawan 1 b. larawan 2
c. larawan 3 d. larawan 4
5. Sinong pintor ang gumagamit ng madilim at makulimlim sa pagpinta?
a. Fernando Amorsolo
b. Victorino C. Edades
c. Vicente Manansala
d. Carlos "Botong" Francisco

6. Ano ang pamagat sa pangalawang larawan?
 - a. The Sketch
 - b. Harana
 - c. Mother and Child
 - d. Planting Rice

7. Alin sa mga pamagat ang naayon sa unang larawan?
 - a. The Sketch
 - b. Harana
 - c. Mother and Child
 - d. Planting Rice

8. Alin sa mga pamagat ang naayon sa pangatlong larawan?
 - a. The Sketch
 - b. Harana
 - c. Mother and Child
 - d. Planting Rice

9. Ipininta ni _____ ang "Mother and Child"
 - a. Fernando Amorsolo
 - b. Victorino C. Edades
 - c. Vicente Manansala
 - d. Carlos "Botong" Francisco

10. Sino ang bantog na pintor na gumawa sa pangalawang larawan?
 - a. Fernando Amorsolo
 - b. Victorino C. Edades
 - c. Vicente Manansala
 - d. Carlos "Botong" Francisco

Aralin

1

Arts: Mga Istilo sa Pagpipinta

Ang mga manlilikha, pintor man o skultor, ay may kinagigiliwang paksa o bagay na inilalarawan sa kanilang likhang-sining na kadalasan ay isang pangyayari sa buhay.



Balikan

Tukuyin ang sumusunod na magagandang tanawin na makikita sa ating bansa sa pamamagitan ng pagsasaayos sa mga titik ng salitang sinalungguhitan. Isulat ang sagot sa patlang.

1.



BULKANG Y A M O N

2.



HAGDAN-HAGDAN LAPAYAN

3.




MGA **AWINTAN** SA BATANES

4.



BASIMHAN NG PAOAY

5.



CALLAO **EVAC** IN CAGAYAN



Tuklasin

Basahin ang tula sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang sagot sa patlang.

Ang Pintor
Jerry Gracio

Gumuhit siya ng ibon
Lumipad ito palayo
Gumuhit siya ng isda
Lumangoy ito sa hangin
Gumuhit siya ng bulaklak
Nagkalat ang halimuyak sa dilim
Iginuhit niya ang sarili
At inangkin siya ng kambas

1. Ano ang pamagat ng tula? _____
2. Sino ang may akda ng tula? _____
3. Kilala mo ba ang mga tanyag na Pintor sa Pilipinas? _____
4. Gusto mo bang malaman ang mga istilo nila sa pagpinta? Ipaliwanag ang sagot. _____



Suriin

Ang ating bansa ay biniyayaan ng magagandang tanawin na may natural na likas na ganda na nakakaakit sa mga dumarayong turista. Ang mga ito ay mas lalong napaganda sa tulong ng arkitektura na ipinakikita ng pagiging malikhain ng mga Pilipino.

Ang mga tanyag na pintor ay may kanya-kanyang istilo sa pagpipinta. Kapansin-pansin na katangi-tangi ang kanilang mga istilo, ito ang nagiging tatak nila o pagkakakilanlan ng kanilang mga obra.

Kilalanin natin ang mga sumusunod na tanyag na pintor dito sa ating bansa.

1. Fernando Amorsolo



Planting Rice, 1946

Si Fernando C. Amorsolo ay isang dalubhasang pintor ng mga larawan ng tao at larawan ng mga pang-araw-araw na gawain na malaya niyang ginamitan ng maliliwanag at sari-saring mga kulay. Siya lamang ang pintor na kayang ipakita kung paano tumatama ang ilaw o araw sa bawat bagay na nasa kanyang larawan gamit ang pagkakaiba ng mapusyaw at madilim na mga kulay. Halos totoo o "real-life" ang hitsura ng mga napinta nya. Karamihan sa kaniyang mga ipininta ay nagpapakita ng kalikasan, ng mga luntiang bukirin, ng maliwanag na sikat ng araw at mabagal na galaw ng buhay sa bukid. Ilan sa kaniyang mga ipininta ay ang "Planting Rice," "Road by the Sea", at "The First Man".

2. Carlos "Botong" Francisco



Harana, 1957

Si Carlos "Botong" Francisco ang tinaguriang "The Poet of Angono" dahil sa istilo ng kanyang pagpipinta. Siya ay isa sa modernistang pintor na lumihis sa itinakdang kumbensyon ng pagpipinta ni Amorsolo, at nagpasok ng sariwang imahen, sagisag at ideya sa pagpipinta. Nagpinta siya ng sari-saring myural, gaya na nasa Pambansang Museo ng Pilipinas na tinaguriang "Filipino Struggles Through History," at iba pa.

3. Vicente Manansala



Mother and Child, 1967

Si Vicente Manansala ay isa ring tanyag na pintor na tinaguriang “Master of the Human Figure”. Gumamit ng sabay-sabay na elemento sa pagpinta na kung saan ay binigyan niya ng pansin ang mga kultura sa iba’t ibang nayon sa bansa. Pinaunlad niya ang kaniyang husay sa pagpapakita ng transparent at translucent technique na makikita sa kanyang mga obra.

4. Victorino C. Edades



The Sketch, 1928

Siya ang tinaguriang “Father of Modern Philippine Painting”, ang kanyang istilo sa pagpinta ay taliwas sa istilo ni Amorsolo. Siya ay gumamit ng madilim at makulimlim na kulay sa kanyang mga obra. Ang mga manggagawa ang ginamit niyang tema upang mabigyang pansin ang sakripisyo na dinaranas ng mga ito.



Pagyamanin

Gawain 1

Kilalanin ang mga larawan ng bantog na pintor na nasa ibaba at talakayin ang kanilang iba't ibang istilo sa pagpinta ng mga larawan.



1. _____



2. _____




3. _____



4. _____


Gawain 2

Panuto: Gumuhit ng isang larawan ayon sa iyong mga natutunan sa mga istilo ng mga tanyag na pintor. Bigyan ng puntos ayon sa rubrics.



Gawain 3

Panuto: Sa larawan na makikita mo sa kaliwa, magbigay ng iyong sariling pananaw bakit mahalaga ang mga obrang kagaya nito sa pagpapamalas ng talento ng gumawa at Kultura ng Pilipinas na ipinapakita. Ilagay ang sagot sa kahon sa kanan.





Isaisip

Ang natutunan ko sa araling ito ay _____

Napagtanto ko na dapat _____



Isagawa

Gumawa ng isang sanaysay sa iba't ibang istilo ng mga tanyag na pintor sa pagpinta ng mga larawan. Suriin ang ginawang likhang-sining at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubrik.



Tayahin

- I. **Panuto:** Pagtambalin ang larawan na nasa Hanay A sa mga istilo ng pagpinta na nasa Hanay B. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Hanay A



Hanay B

- gumamit ng madilim at makulimlim na kulay
- gumamit ng sabay-sabay na elemento sa pagpinta na kung saan nagpapakita ng transparent at translucent technique
- naipagsama ang chiaroscuro style ng Renaissance sa larangan ng kasaysayan, kultura at tradisyong Pilipino.
- nagpasok ng sariwang imahen, sagisag at idyoma sa pagpipinta
- ginamit ang **acrylic paint** sa pagpinta
- isang impressionist painting na ginagamitan ng oil sa canvas nagpapakita sa pag-aaway ng isang babae at lalaki

- II. **Panuto:** Kilalanin ang tamang sagot na nasa kahon at isulat ito sa nakalaang patlang.

Victorino C. Edades	Fernando Amorsolo	Juan Luna
Vicente Manansala	Carlos Francisco	

- _____ 6. Naipagsama ang chiaroscuro style ng Renaissance sa larangan ng kasaysayan, kultura at tradisyong Pilipino.
- _____ 7. Gumamit ng madilim at makulimlim na kulay sa pagpinta.
- _____ 8. Siya ay tinaguriang “Father of Modern Philippine Painting”.
- _____ 9. Gumamit ng sabay-sabay na elemento sa pagpinta na kung saan ay binigyan niya ng pansin ang mga kultura sa iba’t ibang nayon sa bansa.
- _____ 10. Siya ay tinaguriang “Master of the Human Figure”

Rubrik sa “Isagawa”: Landscape na mahalaga sa kasaysayan ng iyong pamayanan.

Pagkahalintulad	Masining na pamamaraan	Kalalabasan
5- sadyang kahalintulad ng larawang ginuhit	5- tamang kulay at tekstura ang ipinakikita	5- kaaya-ayang tingnan ang naiguhit
3- hindi gaanong magkahalintulad ng larawang naiguhit	3- hindi gaanong malinaw ang mga kulay at tekstura	3- hindi gaanong kaaya-ayang tingnan
2- halatang hindi magkahalintulad ang naiguhit	2- hindi nailapat ng wasto ang kulay at tekstura	2- halatang hindi kaaya-ayang tingnan ang naiguhit.

Rubrik para sa Gawain 2: Paglikha ng sariling sining/guhit

Pamantayan	(5)	(3)	(1)	Marka
Tamang paggawa ng guhit/likhang-sining	Sadyang tama o wasto ang paggawa ng disenyo ng guhit/likhang-sining	Malinaw na hindi gaanong tama ang disenyo ng guhit/likhang-sining	Halatang hindi tama ang disenyo na ginamit	

Wastong paggamit ng technique sa paggawa ng guhit/likhang-sining	Ang ginamit na technique ay wasto, malinaw at masining	Malinaw ang ginamit na technique pero hindi masyado masining	Hindi masining at malinaw ang technique na ginamit	
Kalabasan	Ang kinalabasan ng guhit/likhang-sining ay may kaisahan at kaugnayan sa iginuhit na larawan	Karamihan sa nilalaman ay may kaugnayan sa tema	Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang ginuhit	

Rubrik para sa “Isagawa: Sanaysay tungkol sa mga istilo ng pagpinta ng mga tanyag na pintor

Pamantayan	5	4	3	Marka
Kalinisan at Kahalagahan	Ang kalinisan ay nakikita sa kabuuan ng sanaysay gayundin ang nilalaman ay makabuluhan	Ang nilalaman ng sanaysay ay makabuluhan at malinis	Walang kabuluhan at kalinisang nakikita sa sanaysay	
Istilo	Ang ginamit na istilo ay malinaw, masining at nababasa	Ang istilo sa pagsulat ay malinaw at nababasa	Walang kalinawan at pagkamalikhain	
Tema	Ang kabuuan ng sanaysay ay may kaisahan at kaugnayan	Karamihan sa nilalaman ay kaugnay sa tema	Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang nilalaman	



Karagdagang Gawain

Pumili ng isa sa apat na larawan sa mga tanyag na pintor na ating natalakay Isulat ang iyong sagot sa nakalaang linya.

1. Bakit mo nagugustuhan ang larawan?

2. Ano kaya ang hilig ng pintor?

3. Ano ang nadarama mo habang pinagmamasdan ang larawang napili mo?

4. Ano kayang damdamin ang ibig ipadama ng pintor?



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin B D C A D B D C B A</p> <p>Balikan Mayon Palayan Tanawin Simbahan cave</p> <p>Tuklasin Ang Pintor Jerry Gracio Depende sa sagot ng mag-aaral Depende sa sagot ng mag-aaral</p>	<p>Pagymanin Gawain 1 Juan Luna Vicente Manansala Victorino Edades Fernando Amorsolo</p> <p>Gawain 2 Sumangguni sa Rubriks Gawain 3 Depende sa sagot nga mga bata</p> <p>Isaisip Depende sa sagot ng mga mag-aaral</p> <p>Isagawa Si Carlos "Botong" Francisco" ang tinaguriang "The Poet of Angono" siya ay isa sa modernistang pintor. Fernando C. Amorsolo ay isang dalubhasang pintor ng mga larawan ng tao at larawan ng mga pang-araw-araw na gawain na malaya niyang ginamitan ng maaliwanag at sari-saring mga kulay.</p>	<p>Isagawa Victorino C. Edades siya ang tinaguriang "Father of Modern Philippine Painting" siya ay gumamit ng madilim at makulimlim na kulay sa kanyang mga obra. Si Vicente Mansala pintor na tinaguriang "Master of the Human Figure" gumagamit ng transparent at translucent technique na makikita sa kanyang mga obra.</p> <p>Tayahin B A C D F</p> <p>Fernando Amorsolo Victorino Edades Victorino Edades Vicente Manansala Vicente Manansala Depende sa sagot ng mga mag-aaral</p> <p>Karagdagang Gawain Depende sa sagot ng mga mag-aaral</p>
--	---	---

Sanggunian

MISOSA Module 5

Hazel P. Copiaco and Emilio S. Jacinto Jr., Halinang Umawit at Gumuhit 5: Vibal Group, Inc. 2016 pahina 120-122

TG A5EL IIb

TG A5EL IIc

luna, j., 2010. *File:Tampuhan By Juan Luna.Jpg - Wikimedia Commons*. [online] Commons.wikimedia.org. Available at: <https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Tampuhan_by_Juan_Luna.jpg> [Accessed 23 August 2020].

<https://news.abs-cbn.com/life/09/10/17/honoring-amorsolo-with-love-and-passion> [Accessed 9 October 2020]

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph